Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Provincial Environment and Natural Resources Office

DENR MIMAROPA
RECORDS SECTION
RECEIVED
MAR 13 2023
INCOMING OUTGOING
BY: DATS NO.
TIME:

March 7, 2023

**MEMORANDUM**

| | | |
|---|---|---|
| **FOR** | : | The Regional Executive Director<br>DENR MIMAROPA |
| **THRU** | : | The OIC, ARD for Technical Services<br>DENR MIMAROPA |
| **FROM** | : | The OIC, PENR Officer<br>Oriental Mindoro |
| **SUBJECT** | : | **ENDORSEMENT OF MINUTES OF MEETING OF THE NAUJAN LAKE NATIONAL PARK – PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (NLNP-PAMB) EXECUTIVE COMMITTEE MEETING** |

Forwarded is the Memorandum from the CENR Officer of Socorro regarding the minutes of the meeting during the Naujan Lake National Park – Protected Area Management Board (NLNP-PAMB) Executive Committee Meeting held on February 3, 2023.

The meeting was held at Protected Area Management Office, CENRO Socorro via face-to-face and online teleconference. The meeting focused on the presentation of the proposed establishment of different ecotourism and livelihood projects of different proponents and other upcoming events of the PAMB.

For information and consideration of the attached minutes of the meeting.

**ALAN L. VALLE**

DENRPENR02303000018

*PENRO Tracking No. 2303000064*
*TSD/CDS/dmits*

REGION

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**Community Environment and Natural Resources Office**

February 28, 2023

DENR-MIMAROPA REGION
PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE
ORIENTAL MINDORO
PENRO TRACKING NO.
RECEIVED BY:
DATE: MAR 0 2 2023
TIME:

**MEMORANDUM**

**FOR** : The Regional Executive Director

**THRU** : The OIC, PENR Officer

**FROM** : The CENR Officer

**SUBJECT** : **ENDORSEMENT OF MINUTES OF MEETING OF THE NAUJAN LAKE NATIONAL PARK – PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (NLNP-PAMB) EXECUTIVE COMMITTEE MEETING**

Respectfully submitting the minutes of meeting of Naujan Lake National Park – Protected Area Management Board (NLNP-PAMB) Executive Committee Meeting held on February 3, 2023 at Protected Area Management Office, CENRO Socorro, Barangay Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro.

Attached are photos and attendance sheets during the said meeting.

For information and consideration.

**RODEL M. BOYLES**

Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES**
**NAUJAN LAKE NATIONAL PARK**
Protected Area Management Board
Oriental Mindoro

# KATITIKAN NG PAGPUPULONG
## (*NLNP-PAMB Executive Committee Meeting*)

Petsa: February 3, 2022
Lugar: PASu Office, CENRO Socorro,
Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro

**Mga Dumalo:**

1. LORENZO F. CARREON II - OIC-MPDC, LGU-Pola
2. MARILYN M. ALCAÑICES - PAgO-Fishery Sector, Calapan City
3. RAQUELITA M. UMALI - MGDH-I, LGU-Naujan
4. CESAR P. DELICA - Agriculturist I, LGU-Socorro
5. VICTOR R. ESTRADA JR. - PCO, DWCC
6. LYDIA MUÑECA S. MELGAR - PPDO, Calapan City (via zoom)
7. GRACE C. DIAMANTE - Executuve Director, MBCFI (via zoom)
8. RACHEL B. MONTERO - SRS II, DOST (via zoom)

**Mga Hindi Dumalo:**

1. EnP. CAROLINE G. MANUEL - MPDC, LGU Victoria

**Secretariat:**

1. RICARDO R. NATIVIDAD - Senior ECOMS/PASu, NLNP-PAMO
2. JOSE MARIA M. FONTANILLA - ECOMS I/ APASu, NLNP-PAMO
3. RHONA CARLE-LIWAG - Forest Ranger/Special IPAF Collecting Officer, NLNP-PAMO
4. ERIC C. GITO - PMF, NLNP-PAMO
5. KATHLEEN JANE R. LUGTU - Forest Technician I, NLNP-PAMO
6. HERRICK A. JURADO - Forest Ranger, NLNP-PAMO
7. ARMANDO D. CABUNGCAL - Forest Ranger, NLNP-PAMO

**Resource Speakers/ Mga Panauhin:**

1. PRESCILLA M. TIERRA - President, PARIC
2. AMOR D. ASI - SVEMS, DENR-PENRO
3. BEA NATASHA R. FORTU - Forester II, DENR-PENRO
4. CHRISTINE M. PINE - PAO, Calapan City (via zoom)
5. EDWIN AMPARO - Provicial Tourism Office (via zoom)
6. JORDAN ABAS - Provicial Tourism Office (via zoom)
7. CJ P. BANTILING - MBCFI, Project Manager (via zoom)
8. ALAIN MAULION - MBC,Project Manager (via zoom)
9. DEAN ANGELO MOLINA - DENR-Regional Office (via zoom)
10. DR. DON STEPHENSON CALDA - Provincial Tourism Officer (via zoom)
11. CECILE FORTU - Provincial Engineering Office(via zoom)
12. CARLOTTA LEVINIA R. JUGNO - EMS I, EMB MIMAROPA

## I. Panalangin

Nagsimula ang pagpupulong sa ganap na ika-9:30 ng umaga sa pamamagitan ng isang panalangin sa pamamagitan ng isang *video presentation.*

## II. Pag-Awit Ng Pambansang Awit Ng Pilipinas

Muling nagkaroon ng *video presentation* para naman sa pagkanta sa Pambansang Awit ng Pilipinas.

## III. Adyenda

### 1. Call to Order

Inihain ni PASu Ricardo R. Natividad ng Naujan Lake National Park ang pagbukas ng nominasyon para sa tagapanguna ng pagpupulong. Iminungkahi ni Bb. Grace Diamante ng MBCFI na maging tagapanguna ng pagpupulong si MGDH I Raquelita M. Umali ng LGU-Naujan at sinang-ayunan naman ito ng nakararami.

### 2. Pagpapakilala sa mga nagsipagdalo at pagpapatunay ng kurom

Ipininakilala ni APASU Jose Maria M. Fontanilla ang mga nagsipagdalo sa pagpupulong *face to face at via Zoom.* Idineklara ni PASu Natividad na may korum kung kaya't inumpisahan na ang pagpupulong sa pangunguna ni Bb. Umali.

### 3. Presentation and Approval of the Provisional Agenda

Pinangunahan ni Bb. Umali ang pagbabasa ng adyenda ng pagpupulong at pagpapadaloy ng bawat isang nabanggit ng tagapanguna. Idinagda sa adyenda ang ilang kailangan pag-usapan katulad ng *update* ng mga aktibidades na gagawin ng NLNP-PAMO at binigyan din nila ng pagkakataon ang Mindoro Biodiversity Corridor upang talakayin ang kanilang adhikain. Idinagdag din ni Bb. Umali ang *update* para sa pagpaparehistro ng mga bangka na nasa loob ng NLNP. Kaya't iminungkahi ni Bb. Diamante ang pagpasa ng adyenda ng pagpupulong na sinang-ayunan ng nakararami. Kaya't inumpisahan ni Bb. Umali ang mga nabanggit na may kabuuan na siyam (9) adyenda sa araw na ito.

#### A. Presentation about the Proposed Calamansi Processing Facility of Pakyas Association of Rural Inprovement Club (PARIC)

Ipinakilala ni APASu Fontanilla ang presidente ng PARIC at ang siyang magtatalakay ng nasabing proyekto na si Bb. Prescilla M. Tierra. Sa pamamagitan ng isang *powerpoint presentation*, naibahagi ni Bb. Tierra ang kahalagahan ng proyektong ito sa kanila bilang kabuhayan. Sa pagprepresenta ni Bb. Tierra, naitanong ni Bb. Amor D. Asi kung saan itatayo ang nasabing gusali at kung ito ba ay *Private land.* Ayon kay Bb. Tierra ito ay pribadong lupa na idinonate sa kanila ang 300sqm at itatayo malapit sa *Barangay Hall* ng Pakyas. Ayon kay APASu Fontanilla ay napuntahan na ng PAMO ang lugar kung saan itatayo ang gusali at napag-alamang nasa loob ito ng NLNP. Naitanong ni Bb. Umali kung ilan ang distansya ng lawa sa nasabing pagtatayuan ng gusali. Ayon kay PASu Natividad ito ay higit sa isang (1) kilometro ang layo sa lawa. Nabanggit din ni PASu na inimbitahan sa pagpupulong ang taga Environmental Management Bureau- ProvicialEnvironmental Monitoring Unit (EMB-PEMU) Oreintal Mindoro upang matulungan kung ano ang gagawin ng PAMB.

Pinasalamatan ni Bb. Umali ang naging presentasyon ni Bb. Prescilla M. Tierra. Binati ni Bb. Diamante na malinaw at natalakay ang mga polisiya lalo na pagdating sa *Green Policy* ang pag presenta ni Bb. Tierra sa gagawin nila sa kanilang proyekto. Dagdag pa ni Bb.

Diamante, kung naverify ng CENRO ang titulo at lokasyon ng pribado talaga at legal na mag donate ng lupa para sa kasiguraduhan ng lahat at hindi masayang ang mga *investment* na ibibigay ng mga ahensya para sa pagbuo ng proyektong ito. Ayon kay Bb. Umali, kasama ang DTI, PGOM at KOICA na kung saan inaalam ng KOICA na may katotohanan ang titulo ng lupa. Sagot ni APASu Fontanilla na iverify din ng PAMO at ipinakita ni APASu Fontanilla ang *Zoning Certificate* mula sa Munisipyo. Dagdag pa ni Bb. Diamante na kung may binibigay na certification ang CENRO na kung sino ba ng nag-mamayari ng lote at mayroon din prosesong ginagawa ang CENRO para masabi na sa kanila talaga ang lupa. Sinabi pa ni Bb. Umali na ang Zoning Cerification na hawak ng organisasyon ay sinertipika ng kasamahan nila sa PAMB na si Bb. Caroline G. Manuel na nagsasabing nasa loob ng NLNP. Ang pinakita nila ay *Zoning Certification* may ibinibigay pa rin na *certification* ang DENR na nagpapatunay na siya talaga ang land owner, dagdag ni Bb. Diamante. Ibinihagi din ni Bb. Umali na ang *Zoning Certification* ay inissue na sa *contractor* na nilalaman kung sino ang may ari ng lupa na si Herminia del Mundo. Mayroon ding hawak ang organisasyon na kopya ng titulo, *Deed of Donation*, *Zoning Certification* at iba pang dokumento na kinakailangan. Nirequest din ni Bb. Diamante na kailangan makita ang lahat ng dokumento ng PAMB para na rin sa *legal documentation.* Pinasalamatan ni Bb. Umali ang magandang kumento ni Bb. Diamante, nagpatuloy ang usapin sa pamamagtan ng pag-puri sa layunin ng proyekto na kung saan naagaw ng atensyon ng KOICA na maging bahagi ng *development* ang mga kababaihan sa proyektong ito. Paglilinaw din ni G. Victor R. Estrada Jr. ng DWCC ang tungkol sa *Treatment Facility* kung ito ay kasama sa gagawin. Sinagot naman ito ni Bb. Tierra na kasama ang *Treatment Facility* sa plano at ang magiging *discharge* ay mapupunta sa *septic tank.* Sa pagtatanong ni Bb. Umali ay napag-alaman na nagsisimula na ang pag-buo ng pasilidad na kung saan nalampasan na naman ang PAMB. Sabi ni Bb. Diamante na mayroong puwang sa pagitan ng PAMO (PAMB) at sa kanila, na kung saan kailangan paigtingin ang CEPA sa loob ng parke para masigurado na lahat ng patatayo ng *structure* ay namomonitor ng PAMO at para malaman ng mga Barangay at Munisipyo kung ano ang kailangan nilang dokumento na ihahanda para sa PAMB. Kung alam ng mga aplikante ang tamang proseso ng PAMB para maiwasan ang ganitong senaryo. Dagdag pa ni Bb. Diamante na magkakaroon ng isang *Special Use Agreement* sa pagitan ng organisasyon at ng PAMO dahil malinaw sa SAPA na ito ay *instrument* na ginagamit para sa *Protected Area* na magkaroon ng *Special Use Agreement* na kung saan ihahanda ng aplikante ang mga kinakailangan para sa SAPA. Iminungkahi rin ni Bb. Diamante na gawin din nila ang SAPA sa tulong ng PAMO. Sinabi ni Bb. Umali na sa susunod na pagpupulong na sabihan din ang mga BLGU at MLGU na lahat ng itatayo na nasa loob ng parke ay kinakailangan dumaan sa PAMB. Ayon kay ni Bb. Marilyn Alcañices mayroong nabuo ang PAMB na *Guidelines/ Requirements* kasama ang mga babayaran ng mga aplikante at iminungkahi ni Bb. Umali na bigyan ng kopya ang bawat PAMB member at ang mga Munisipyo sa loob ng NLNP. Ayon ka G. Oliver Arias ng CENRO dapat makahingi ng certificied true copy ng titulo ng lupa at kung kailan ginawa ang titulo, kung nagawa nag titulo ay bago pa ang batas ng *National Park* (1956) dapat itong igalang at kung ito naman ay nagawa na may batas (1957) na kailangan ikansela ang titulo. Dagdag pa ni G. Arias na tingnan ang petsa ng OCT kung kailan ito na *issue.* Ayon naman kay Bb. Carlotta Levinia R. Jugno EMS II ng EMB MIMAROPA ay napansin niya sa presentasyon na hindi naipakita kung saan mapupunta and *waste water* na galing sa pasilidad na kung saan kinakailangan dahil ang produkto ay *acidic.* Dagdag pa ni Bb. Jugno na bago sila mag-issue ng ECC ay isa sa mga requirements nila ang PAMB Clearance. Ayon pa kay Bb. Diamante na kailangan bigyan ng oras para maipasa nila lahat ng dokumento para sa pag issue ng PAMB Clearance.

Napagsang-ayunan ng lahat na ang gagawing Resolusyon ng PAMB ay ipapatigil muna ang konstruksyon ng pasilidad at itutuloy muli pagkalipas ng isang linggong palugit kung maipapasa nila ang mga kailangan na hinihingi ng PAMB, bago ang *regular* na pagpupulong.

**B. Issuance of PAMB Clearance for the Request of Mr. Domingo Valdez regarding the Application of Private Tree Plantation Registration on Planted trees within the Titled Property located in Barangay Malabo, Victoria, Oriental Mindoro**

Hindi nakadalo sa pagpupulong si G. Valdez kaya pinangunahan ni APASu Fontanilla ang presentasyon. Ipinakita ni APASu Fontanilla ang nasabing titulo at agad naman tinanong ni Bb. Umali kung kailan nagawa ang titulo at napag-alamang 1951 na kung pasok ito sa napag-usapan sa naunang adyenda. Ipinakita din ni G. Fontanilla ang mapa na kung saan makikita ang mga distansya ng puno na imbertaryo ng mga tauhan ng DENR-CENRO Socorro.

Tanong ni Bb. Umali na kung ang mga *fruit trees* ay kasama sa pag-rehistro. Sagot naman ni PASu Natividad, dahil nasa loob ng PA kasama na ito pero hindi ibig sabihin lahat ng *fruit trees* ay kailangan irehistro. Dagdag na katanungan pa ni G. Lorenzo F. Carreon II, kung plano ba ni G. Valdez gawing plantasyon ang buong 0.6 *hectares* o para lang mapadali ang pagputol sa mga puno na hindi na kinakailangan ng *cutting permit.* Ayon kay PASu Natividad na sa loob ng Protected Area ay pinagbabawalan o tinatanggal ang *invasive species (mahogany at gmelina)*. Tanong pa ni G. Carreon na kung mayroong edad ang mga puno para mairehistro ito bilang isang plantasyon. Ipinaliwanag ni Bb. Jessilyn Villanueva ng CENRO ang batas na ginagamit ng DENR ang DAO 2020-18 patungkol sa pagrerehistro ng *tree plantation* na kung saan kapag naparehistro ito sa DENR bilang *tree plantation* kapag pwede ng putulin ang puno madali na ito putulin dahil ang *registered plantation* ay *good as cutting permit* na. Mayroon din klase ang *plantation* ang *newly established, established and matured plantation*. Dagdag na pa ni Bb. Umali na kahit anong klaseng *platation* ang irehistro ng may ari ay libre na sa *cutting permit*. Ayon din kay Bb. Villanueva na ang *registered plantation* ay pang habangbuhay na hangga't may punong nakatanim/puputulin. Dagdag pa niya na ang kagandahan na kapag pinarehistro ang isang *tree plantation* ay wala ng katumbas na seedlings ang pupulin na puno dahil sa batas na sinusunud ng DENR ang DMC 2012-02 na kung saan may *seedling replacement* ang isang *planted tree* na *50 indigenous species seedlings* ang kapalit. Itinanong din ni G. Carreon kung paano masasabi na isang *tree plantation* ang lugar. Agad namang sinagot ito ni Bb. Villanueva na masasabi na ito ay *tree plantation* kapag ang mga puno ay nakalinya o kaya ay ginawang bakod. Dagdag pa ni Bb. Villanueva na kapag nakapag-paputol na ang isang rehistradong *tree plantation* ay dapat itong mag-update sa opisina para maitalang muli sa *file* ng DENR. Nabanggit din ni Bb. Villanueva ang isa pang batas ng DENR ang DAO 2021-11 kapag ang lugar ng *plantation* ay matatagpuan sa barangay, *Barangay Certification* ang kukunin ng aplikante pero kapag ang lugar ay matatagpuan sa dalawang barangay alin man sa dalawang barangay na un ang mag bibigay ng *Certification* o *Municipal Certification* na ang kukunin. Sa DAO 2020-18 walang nabanggit kung ilang puno ang ipaparehistro, para maconsider na ang isang lugar ay isang *tree plantation* ay dapat mayroon ito 50 na puno pataas.

Nalinawan na ang mga PAMB member sa tulong ng paliwanag ni Bb. Villanueva at iminungkahi ni G. Carreon na bigyan na ng PAMB Clearance sa pamamagitan ng resolusyon at sinang-ayunan naman ito ni G. Estrada.

**C. Presentation about the proposed Tourist Rest Areas and Souvenir Stop (TRASS) of the Provincial Government of Oriental Mindoro**

Iprinesenta ng Provincial Tourism Officer na si Dr. Don Stephenson Calda ang Tourist Rest Areas and Souvenir Stop (TRASS) at ang plano ng gagawin sa pamamagitan ng *powerpoint presentation.*

Pinasalamatan ni Bb. Umali ang naging presentasyon ni Dr. Calda. Binati ni Bb. Diamante ang presentasyon na ginawa ni Dr. Calda na kung saan malinaw at maayos niya itong napaliwanag. Kinumpirma ni Bb. Diamante na ang pagpresent ni Dr. Calda ng proyektong ito ay para na rin makakuha ng PAMB Clearance at ibang mga kinakailangan para mapatuloy ang proyektong ito at konsepto ang pinapaaprubahan. Dagdag ni Dr. Calda na ang konseptong ito ay parang katulad kapag pupunta ng Baguio na dumadaan sa *stop over* sa Pangasinan. Dagdag din ni Bb. Umali na kailangan isecure ang mga *requirements* para makapag-issue ng PAMB Clearance at para mapadali ang proseso. Nagbigay din ng

suhestiyon si Bb. Asi patungkol sa ahensya na makakatulong sa proyekto na imbes CENRO Socorro lang ang ilagay dapat DENR MIMAROPA dahil may *concern* din ang proyektong ito sa ibang sangay ng DENR. Tanong din ni Bb. Asi ng PENRO, ang tungkol sa *Deed of Donation* na galing kay *Congressman* Vallencia at napag-alaman na patuloy pa rin ito inaayos. Dagdag pa niya na kailangan din makita ng PAMB ang OCT ng lupa para makita ang taon kung kailan naissue ang titulo. Ipinangako naman ni Dr. Calda na tutulungan na nila kasama ang Provincial Engineering Office para makumpleto ang mga kinakailangan na dokumento na ipapasa sa DENR at ipinangako din ni Dr. Calda na hindi uumpisahan ang *construction* hangga't hindi pa nakakakuha ng *Clearance* sa PAMB. Dagdag pa ni Bb. Umali na dapat mayroon ding *Clearance* galing sa MGB para masuri ang pagtatayuan ng proyekto kung ito ay ligtas. Sinang-ayunan naman ito ni Bb. Alcañices na sa pagkuha nila ng ECC doon na rin makikita ang *mitigating measure* kaya mahalaga na makapag-secure ng ECC ang DPWH na simula sa *construction to operation* kailangan natin ito makita sa ECC. Nagbigay din ng komento si Bb. Carlotta Levinia R. Jugno ng EMB tungkol sa ECC *Requirements* na kung saan isa sa mga *requirements* ay ang *Geo-Hazard* ng lugar. Iminungkahi niya rin na magkaroon muna ng *site visit* ang MGB kasama ang mga ahensya na bumubuo sa proyektong ito. Ipinaliwag muli ni Bb. Umali na hindi pa makakapag-issue ng Clearance ang PAMB hangga't hindi pa na i-comply ang mga dokumento. Ayon kay Dr. Calda na PAMB *Endorsement* lamang *approving the concept of the project* ang kailangan nila. Sinang-ayunan naman ito ni Bb. Diamante kaya iminungkahi niya na i-endorse ng PAMB ang konsepto na ito. Inilinaw din ni Bb. Diamante na magkakaroon muli ng presentation tungkol sa proyekto kapag *construction* na ang pinag uusapan dahil panibagong *approval* muli ang kailangan sa PAMB. Iminungkahi ni Bb. Diamante na magkaroon ng PAMB Resolution *Endorsing the Concept of the TRASS* na pinangalawahan naman ni Bb. Alcañices. Hindi pa rin makapag desisyon ang PAMB dahil sa mungkahi ni Bb. Jugno na magkaroon muna ng *site visit* galing sa MGB bago mabigyan ng PAMB Resolution ang proyektong ito. Nag commit si Bb. Asi para tulungan sina Dr. Calda at maari silang pumunta sa opisina upang makipag ugnayan sa mga kailangan nilang dokumento.

Sa kalagitnaan ng pagpupulong ay bumisita ang CENR Officer na si G. Rodel M. Boyles upang tingnan ang nagyayari sa pagpupulong. Nagbigay na rin ng mensahe si CENRO Boyles para sa mga dumalo sa pagpupulong. Iminungkahi din niya na aprubahan ang konsepto ng proyektong ito dahil iprepresenta muli nila ang proyektong ito para naman sa paghingi ng approval sa *construction* ng proyekto.

Natapos ang adyendang ito at napagkasunduan na bigyan ng PAMB Resolution *endorsing the concept of the TRASS.*

**D. Presentation about the proposed Naujan Lake Retirement Village and Tourism Economic Zone of the Provincial Government of Oriental Mindoro**

Ang adyenda na ito ay napag-desisyunan na pag-usapan sa Unang Pagpupulong ng PAMB na gaganapin ngayong buwan ng Pebrero at ito ay sinang-ayunan ng nakakarami na dumalo sa pagpupulong na ito.

**E. Presentation about the proposed Processing Facility within the Demo Farm in barangay Merit, Victoria, Oriental Mindoro**

Ibinahagi ng Provincial Agriculture Officer na si Bb. Christine M. Pine ang tungkol sa proyektong gagawin nila sa Barangay Merit, Victoria, Oriental Mindoro sa pamamagitan ng isang *powerpoint presentation.*

Pinasalamatan at binati ni Bb. Umali ang proyektong iprenesenta ni Bb. Pine na kung saan malaki ang tulong sa mga magsasaka dito sa Mindoro. Ang unang tanong mula kay Bb. Diamante ay patungkol sa kita na makukuha ng mga magsasaka na kung saan may posibilidad na tumaas ang kita nila pagkatapos mabuo ag proyektong ito. Sinagot naman ito ni Bb. Pine na nagkaroon sila ng *feasibility study* at pinag-aralan nilang mabuti ang tungkol

sa magiging kita ng mga magsasaka. Hiling ni Bb. Diamante na magkaroon ng malaking *impact* sa mga magsasaka kapag naitayo na ang proyektong ito. Dagdag pa niya nas ana dahil sa proyektong ito ay magpatuloy pa rin ang mga tao sa pagsasaka at hindi paghinaan ng loob para hindi na ipagpatuloy ang pagsasaka. Iminungkahi din ni Bb. Diamante na magkaroon ng paliwanag sa mga tao o sa residente ng protected area kung paano makakapag-access sa proyektong ito para magkaroon din ng *benefits* ang mga ito. Ayon kay Bb. Pine, nakapaloob ang mga ito sa *PAC Operational Manual* na kanilang binubuo ngayon. Dagdag pa niya na pag dating sa *construction phase* ng *building* ay ang *priority* nilang kukunin na tauhan ay manggagaling sa residente ng Protected Area at *priority* din nila ang pag-employ ng mga tao na manggaling sa *community*. Iminungkahi din ni Bb. Umali na dapat ang mga organisasyon na nasa loob ng PA ng kaalaman na may ganitong proyekto na binubuo para mapakinabangan din nila ito. Napag-alaman din na ginagawa pa lang nila ang mga *requirements* sa pagkuha ng ECC. Ayon kay Bb. Alcañices na nagkaroon na ng PAMB Resolution noong 2021 ang *Food Terminal Complex* na tinayo sa kaparehong lugar na pagtatayuan ng PAC. Nabanggit muli ni Bb. Jugno ang tungkol sa ECC na kung saan pinaliwanag muli ang niya ang tungkol dito. Dagdag pa ni Bb. Jugno na dapat ay naipresenta na rin sa PAMB ang *Layout Plan* na itatayo dahil mayroong dalawang palapag ang *building* ang kabuuang *area* na ito ay *1000 floor area* na kung saan sa pagkuha ng ECC kapag 1,000 pataas ang *floor area* ay kailangan ng mag-secure ng ECC. Para na rin makita kung saan mapupunta ang *waste water*. Ipinaliwanag pa niya na sa sinusunod na batas ng EMB na kahit *institutional building* ito, kapag ang building na ito ay ginamit para kumita ay kasama sa *commercial category* ito. Tanong pa ni Bb. Diamante ang *Deed of Donation* ng lupa at ang tungkol sa *site development plan* ng kabuaan lugar na kung saan ay mayroong 10 *hectares* para maisama na din sa pag-apply ng ECC. Ayon kay Bb. Pine na naayus na ang *Deed of Donation* ng lupa at mayroon din silang *site development plan* na ginagawa pero hindi pa ito tapos at wala pa rin pondo sa mga ito kung kaya't hindi nila maisabay sa pagkuha ng ECC ngayon. Hiningi naman ni Bb. Umali na magkaroon ng kopya nag PAMB ng mga dokumento na hawak nila at pinagbigyan naman ito ni Bb. Pine. Dagdag pa ni G. Estrada na kailangan din nila maipakita ng *General plan* ng *building* na kung saan pinapakita ang mga *septic tank* para sa pag-apply ng ECC at para na rin makita kung saan mapupunta ang *waste water* ng *building*. Dagdag ni Bb. Umali na makita ang mga dokumento na hinihingi ng PAMB bago magdesisyon para sa proyektong ito.

**F. Presentation about the Additional Guidelines for Projects Applying for an Environmental Compliance Certificate (ECC) which are within or with close proximity to Protected Areas (PAs) and/or RAMSAR site**

Ibininahagi ng *representative* mula sa EMB na si Bb. Carlotta Levinia R. Jugno ang tungkol sa ECC para bigyan din ng kaalaman ang PAMB member. Sa pamamagitan ng isang powerpoint presentation ipinakita ni Bb. Jugno ang mga detalye patungkol sa ECC.

Pinasalamatan ni Bb. Umali ang pag-presenta ni Bb. Jugno dahil nagbigay ito ng kalinawan sa kanila. Iminungkahi ni PASu Natividad na tuwing magkakaroon ng pagpupulong ang PAMB ay imbitahan si Bb. Jugno upang maging kinatawan ng EMB. Iminungkahi din ni Bb. Umali na isama muli ang presentasyon ni Bb. Jugno sa susunod na pagpupulong upang mas madetalye pa ang pagpapaliwanag patungkol sa ECC.

**G. Presentation of the proposed Work and Financial Plan (WFP) of projects and activities to be undertaken using the collected Integrated Protected Area Fund (IPAF)**

Ibinahagi ni APASu Fontanilla ang mga *activities* at proyekto na gagawin ng NLNP sa ilalim ng IPAF. Binigyan ni APASu ng kaunting detalye ang mga PAMB member ng nasa pagpupulong ito. Aniya, kasama sa plano ang pagrepair ng bangka at pagbili ng *fuel* para sa pagpapalakas ng *law enforcement* sa PA. Iminungkahi naman ni Bb. Diamante na magdagdag ng gawain sa CEPA upang mapalaganap ang tungkol sa *requirements* ng Non-SAPA at SAPA. Sa susunod na pagpupulong ay ibabahagi muli ni APASu Fontanilla ang mas detalyeng impormasyon tungkol sa mga *activities* at proyekto sa ilalim ng IPAF.

## 4. Other Matters

### A. Mindoro Biodiversity Corridor "Integrated Approach in the Management of Major Biodiversity Corridors in the Philippines"

Ipiniresenta ng Project Manager ng Mindoro Biodiversity Corridor na si G. Alain Maulion ang mga layunin na ginagawa/ gagawin ng BD Corridor.

Katulad sa naunang adyenda, ito ay iminungkahi ni Bb. Umali na ipresenta muli sa susunod na pagpupulong para lahat ng PAMB member ay malaman ang mga gawain na nakapaloob sa proyekto.

### B. Updates on Boat Registration within Naujan Lake National Park

Nagbigay si Bb. Rhona Carle-Liwag ng PAMO tungkol sa *update* ng pag-rerehistro ng mga bangka sa loob ng NLNP. Sinabi niya na kapag hindi pa napaparehistro ang bangka magkakaroon ng *confiscation* ng bangka. Uminungkahi ni Bb. Umali na ilagay ito sa Polisiya ng NLNP tungkol dito na sinang-ayunan naman ng lahat.

Bago matapos ang pagpupulong iminungkahi ni Bb. Diamante na subaybayan ng taga PAMO ang mga aktibidades na nagaganap sa loob ng NLNP. Ang petsa ng PAMB en Banc ay hindi pa napag-usapan. Magbibigay ang PAMO ng petsa sa mga susunod na araw para malaman ang *availability* ng bawat miyembro ng PAMB.

## 5. Adjournment

Natapos ang pagpupulong sa ganap na ika-3:00 ng hapon sa pamamagitan ng mungkahi ni MGDH-I Raquelita Umali ng LGU Naujan na pinangalawahan ni Bb. Grace C. Diamante ng MBCFI.

Inihanda ni:

**RICARDO R. NATIVIDAD**
PASu, NLNP/PAMB Secretariat

Pinatunayan ni:

**RAQUELITA M. UMALI**
Tagapanguna/MGDH I, LGU Naujan

Pinagtibay ni:

**LORMELYN E. CLAUDIO, *CESO IV***
Regional Executive Director/PAMB Chairperson

Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES
Community Environment and Natural Resources Office
**NAUJAN LAKE NATIONAL PARK**
PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE

## Photo Documentation during the Executive Committee Meeting (February 3, 2023, Friday)
















Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES
Community Environment and Natural Resources Office
**NAUJAN LAKE NATIONAL PARK**
PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE

**Photo Documentation during the Executive Committee Meeting**
**(February 3, 2023, Friday)**




















## Participants attended via Zoom






Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**Community Environment and Natural Resources Office**
Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro

# Attendance Sheet
## Naujan Lake National Park- Protected Area Management Board
### Executive Committee Meeting
February 3, 2023

| No. | Name | Sex M | Sex F | Position | Office/Address | Contact No. | Signature |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | Precilla M. Lianne | | ✓ | President - PARIC | Pakyas, Victoria, | 09053568154 | [signature] |
| 2 | CESAR P. DELICA | ✓ | | AGRICULTURIST-I | LGU SOCORRO | 09697550713 | [signature] |
| 3 | LORENZO F. CARANDO II | ✓ | | MPDC | POLA | 0926-670-9012 | [signature] |
| 4 | VICTOR R. ESTRADA JR | ✓ | | PCO | PWCC | 09479443503 | [signature] |
| 5 | BEA NATASHA R. FORTU | | ✓ | FOR II | PENRO | 0917[illegible] | [signature] |
| 6 | AMOR D. ASI | | ✓ | SVEMS | DENR-PENRO | 09998859381 | [signature] |
| 7 | RAQUELITA M. UMALI | | ✓ | MGDH I | LGU - Naujan | 09175420062 | [signature] |
| 8 | Carlotta Levinia R. Jugno | | ✓ | EMS II | EMB MIMAROPA | 288-1681 | [signature] |
| 9 | JOSE MARIA M. FONTANILLA | ✓ | | ECOMS I / Asst. PASu | DENR CENRO SOCORRO | 09053348455 | [signature] |
| 10 | HERRICK A. JURADO | ✓ | | FR | " | 09667227242 | [signature] |
| 11 | Armando P. Cabangcal | ✓ | | FR | " | 09193689130 | [signature] |
| 12 | Kathleen Jane R. Lugtu | | ✓ | Forest Tech. I | " | 09127406394 | [signature] |
| 13 | RHONA C. LUAG | | ✓ | FR | CENRO Socorro | 09565372697 | [signature] |
| 14 | RICARDO R. [illegible] | ✓ | | PENRS/PASu | CENRO Socorro | 09778049551 | [signature] |
| 15 | ERIC C. GOTO | ✓ | | PMF | " " | 0917-168-1195 | [signature] |